

NALIGTAS SA
PAMAMAGITAN
NG
BIYAYA
NG DIYOS

ni Gary at Lynda Miller

Filipino Tagalog Translation

Tawag ng Diyos sa Kanyang aklat, “ang salita ng katotohanan”, sa II Timoteo 2:15. Inilarawan rin ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Kay Tito 1:2 na “...Diyos, na hindi maaaring magsinungaling”. Mapagkatiwalaan natin ang Kanyang aklat dahil ang Diyos, na hindi maaaring magsinungaling, ang nagsulat nito at ito ay salita na makatotohanan.

Ang booklet na ito ay maghahayag kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa:

- **ang kaiksian ng buhay**
- **ang katiyakan ng kamatayan**
- **ang pangangailangan ng Kaloob ng Diyos**

Sinasabi ng Diyos ay maiksi ang lawak ng buhay. Maiksi sa panahon at mukhang papanaw kaagad.

Job 7:6-7, “Ang aking mga araw ay mabilis pa kaysa manghahabi ng taga-lala...”

Berso 7, “O tandaan na ang buhay ko ay hangin:”


Ang manghahabi ng taga-lala ay bagay na hindi pinaguusapan palagi sa panahunang ngayon. Ang aksyon na tinutukoy dito ay maaaring ilarawan ngayon sa paggalaw ng karayom ng makinang pantahi na umaahon at paibaba. Hindi abutin ng malaong panahon kung mangyari ito. Sa katunayan, mabilis mangyayari ito na ang mata hindi makakita nito. Ganito kabilis ang pagsaysay ni Job ng kanyang buhay-kalawakan na magwakas. Ang mga araw ng tao ay mabilis pa sa manghahabi ng taga-lala.



Gaya ng Mabilis na Barko o isang Agila

Job 9:25, 26 “...aking mga araw...” Berso 26, “Ang mga ito ay pumanaw parang mabilis na mga barko: tulad ng agila na kay bilis magdagit ng kanyang biktima.”

Mga matulin na barko ay napakabilis lumipas. Nakakita na ba kayo ng agila kung magdagit ng kanyang biktima? Sa bilis ng pangyayari ang biktima ay hindi handa at naging pagkain para sa agila. Anong larawan ang binibigay ng Panginoon tungkol sa kaiksian ng buhay!



Ang Hangin na Lumilipas

Salmo 78:39 “Dahil naaalala Niya (Diyos) na sila ay palibhasa’y laman; hangin na lumipás, at hindi na muling magbabalik.”

Dito inilarawan ng Diyos ang buhay mo parang hangin. Ang hangin na lumilipás at hindi na muling magbabalik. Hindi pangmatagalang hangin kundi hangin na pagsamantala, mabilis pumanaw na hangin. Pagsamantala ang hangin na ito, mabilis dumaloy at hindi na babalik.

Ang Aking Panahon ay Maiksi

Salmo 89:47 “Alalahanin gaano kaiksi ang panahon ko:”

Sukat ng Diyos ang buhay mo sa oras at sabi ng Diyos na ito ay maiksi. Alam natin na akala ng bata na malaon ang buhay. Nakatingin ang bata sa kinabukasan at magnasang tangay na marating ang gulang na hinahangad. Alam ng nasa kabilang dulo ng buhay na ang bata ay mali at tama ang Diyos. Maiksi ang panahon sabi ng Diyos. Maari mong sabihin o marinig mong may nagsabi, “Saan nagpunta ang lahat na panahon?” “Mabilis pumanaw.” “Hindi ako makapaniwala na ito ay magpariyan sa wakas.” Sa bilis ng paglipas ng oras ay nagpapatunay na tama ang Kasulatan.


Gaano man karaming taon ang buhay ng isang nilalang magtagal, sa katapusan, siya ay sumasang-ayon sa Diyos, gaano kaiksi ang panahon ko.

Parang Natutuyong Damo

Isaiah 40:6-8 “...Lahat na laman ay damo, at lahat na niyaong kabutihan ay tulad ng bulaklak sa larangan: Ang damo ay natutuyo, ang bulaklak ay lumalanta: dahil ang espiritu ng PANGINOON ay humihihip sa ibabaw niyaon: tunay na ang mga tao ay damo.”

Ang Diyos ay nagsasabi sa atin na ang tao ay tulad ng damo. Hindi nagtatagal ang damo. Nagtatagal ang damo ng sandali lamang tapos natutuyo. Anong mapagpakumbabang larawan ng tao. Mas gusto natin na kung saysayin sa atin ng Diyos na tayo ay gaya ng isang bagay na matibay at pangmatagalan, marahil gaya ng higanteng punong kahoy na

pulang tabla na nabubuhay mga libong taon. Alalahanin, ang Diyos ay nagsasabi sa atin ng totoo. Kung makikita natin ang damong natutuyo, dapat tayo ay paalalahanin sa mga tugma na ito na nagturo sa atin ng kaiksian ng ating buhay.



Parang Lilim na Kumikiling

Salmo 102:11, “Ang aking mga araw ay parang lilim na kumikiling;”

Gaya ng lilim ay malaon nang magbubukang araw, makita natin kumikiling patungo sa bandang dulo ng araw. Hindi mahabang panahon mula sa maagang bahagi ng araw hanggang sa huling bahagi ng araw. Tulad ng lilim na



kumukiling, gayon din ang buhay ng tao. Maituro ng Diyos sa nais maturuan kahit sa lilim man lamang.

Ang Singaw na Naglaho

Santiago 4:14 , “...Sapagka’t ano ang inyong buhay? Ito ay tilang isang singaw, na lumilitaw sa konting panahon, at saka kusang maglaho.”

Ang buhay natin ay parang “singaw”. Gunitain ang takuri sa ibabaw ng singagan na may singaw na lumalabas mula sa padaluyan ng tubig. Makaturo sa atin ang singaw na ito ukol sa kalaunan ng ating buhay. Maigsi ito! Nagpapahayag ang Diyos dito na kung ang singaw ay mahayag sa maiksing panahon tapos yumaong maglaho, gayundin ang buhay natin.

Lahat ng halimbawa ng Diyos ukol sa kalaunan ng ating buhay nagtuturo ng iisang katotohanan. Ang buhay ay maigsi. Ang manghahabi ng taga-lala, hangin, mabilis na barko, agila na mabilis magtuklaw sa biktima nito, maiksing panahon, kumikiling na limlim, natutuyong damo at singaw lahat ay nagsasalita ng kasaglitian.

Nagsasabi sa atin ng Diyos na ang buhay natin ay magiging maiksi at madaling lalagpas. At paglagpas ng maiksing panahong ito, ang dulo ay kamatayan.

Nagsasabi ang Diyos sa atin kung bakit tayo ay mamamatay, sa Kanyang salita.

Sabi ng Diyos sa I Mga Taga-Corinto. 15:22, “Sapagka’t kung kay Adan lahat ay nangamamatay.”

Pinaliwanag ng Diyos dito sa Roma 5:12, “Kaya nga, sa pamagitan ng iisang tao ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan, at kamatayan dahil sa kasalanan; at sa gayon ay ang kamatayan maranasanan ng lahat na tao, dahil lahat ay nagkasala.”

Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan dahil sa kasalanan ni Adan. Si Adan at Eba ay lumabag sa Diyos. Iyan ang kasalanan, lumalabag sa Diyos. Sinumpa ng Diyos ang tao ng kamatayan, ang parusa ng pagkasala. Lahat ng tao ay makatauhang makasalanan at kamatayan ay nailipat sa lahat ng tao.

Sa Henesis 2:16, 17, Nagsasabi ang Diyos kay Adan at Eba, “At ang PANGINOON Diyos ay nag-utos sa lalake, sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa hardin buong laya kayong kumain: Datapuwa’t sa punong-kahoy ng karunungan ng kabutihan at kasamaan, huwag ninyong kainin niyaon: sapagka’t sa araw na kakain kayo niyaon talagang mamamatay kayo.”

Mababasa natin kung paano binago ni Satanang ang salita ng Diyos kay Eba at sinalungat ang Diyos sa mga salita sa Henesis 3:4, at sinabi ng ahas sa babae, Hindi ka talagang mamamatay.”

Ang Diyos, na hindi maaaring magsinungaling, tinupad ang Kanyang sinabi kay Adan at Eba. Sila ay talagang namatay. May dalawang kamatayan ang Diyos na pananaw rito. Ang isa ay pangkaluluwa at ang isa ay pangkatawan. Ang kanilang kasalanan ang nagsira kaagad ng kanilang dating hindi nasirang pakikipagkaisa sa pagitan nila at ang Diyos. Namatay sila ayon sa espiritu. Sila ngayon ay patay na sa Diyos. Hindi na sila sa matuwid na relasyon sa kanilang Diyos na Maylalang. Nagtiis din sila ng kamatayang pangkatawan sa darating na panahon. Talagang namatay silang dalawa ng pangkatawang kamatayan.

Roma 5:12 nagsabi na, “ang kamatayan nailipat sa lahat ng tao”.

I Mga Taga-Corinto. 15:22, “Sapagka’t kung paanong kay Adan lahat ay namatay.” Lahat ng tao ay namatay dahil tayo ay, sabi ng Diyos, “naroroon kay Adam”. Nailipat ni Adan ang kanyang makasalanang katangian sa lahat ng sangkatauhan.

Ang apostol Pablo nagpapaalala sa ating kinatayuan sa harap ng Diyos sa Roma 3:23, “Sapagka’t ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.” Matutunan natin na bukod sa makasalang katangian, tayo ay nagkasala.

Roma 6:23, “Sapagka’t ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapwa’t ang kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay sa pamagitan ni Jesu Cristo ating Panginoon.” Ang kabayaran ng ating kasalanan ay kamatayan. Tinuturo ng Diyos na mayroong dalawang kamatayan ang nakalaan dito. Ang una ay ating pangkatawang kamatayan, kung saan ang ating kaluluwa at espiritu ay iniwan ang bangkay. Samakatuwid sinaysay ng Kasulatan ang tungkol sa ikalawang kamatayan. Ang ikalawang kamatayan ay naganap kung maghukom ang Diyos sa makasalang tao at itatapon ang hindi nanampalataya sa Dagatdagatang Apoy.

Hebreo. 9:27 “At gaya ng ito ay itinakda sa mga tao na minsang mamamatay, nguni’t pagkatapos nito ang paghukom.”

Sa Roma 6:23 makita natin ang maliit na salitang, “pero”. “Pero ang kaloob ng Diyos ay walang hanggang buhay sa pamagitan ni Jesu Cristo ating Panginoon.” Matutunan natin dito na ang Diyos ay nagbibigay at patuloy na nagbibigay ng kaloob sa tao. Ang kaloob ay walang hanggang buhay at makikita ito sa Panginoong Jesu Cristo. Ang dapat nating agot ay, “Paano ko makukuha ang kaloob? Paano ko

maiwasan ang parusa ng aking kasalanan? Paano ko maiwasan na mahatulan sa aking kasalanan at maihayag na salarin at ihagis sa Dagatdagatang Apoy magpakailan man? Paano ko matanggap ang kaloob at magkaroon ng walang hanggang buhay sa pamamagitan ni Jesu Cristo?”

Hindi ng Diyos pananatilihing tago o kubli ang mga sagot sa mga katanungang ito. Doon tayo pupunta sa Kasulatan ng Diyos para alamin natin kung ano ang sinabi ng Diyos. Ang Diyos ay laging naglaan ng “ebanghelyo”– Ang salita ng Diyos ay dapat sundin sa pamagitan ng pananampalataya para sa kaligtasan ng tao. Ngayon sa kapahintulutan ng biyaya, Ang ebanghelyo ng Diyos na makaligtas sa atin ay maaring matagpuan sa mga sumusunod na kasulatan

Efeso 2:8- 9, “Sapagka’t sa biyaya ay naligtas kayo sa pamamagitan ng pananampalataya; at hindi ayon sa inyong mga sarili: ito ay kaloob ng Diyos: Hindi sa mga gawa, na baka sinuman ay magmamayabang.”

Roma 3:24, “Inaaring-ganap ng buong laya sa kanyang biyaya sa pamamagitan ng katubusang nandoon kay Cristo Jesus.”

I Mga taga-Corinto. 15:1-4, berso 3 & 4, “...Si Cristo ay namatay para sa ating kasalanan alinsunod sa kasulatan; At siya ay inilibing, at siya ay bumangon sa ikatlong araw alinsunod sa kasulatanan:”

Ang dugo ni Cristo ang siyang ibinuhos sa ibabaw ng krus sa Kalbaryo na minarapat ng Diyos na maging makatarungan na ariing ganap ang mga makasalanan tulad ninyo at ako.

Hebreo. 9:22b “...at kung walang pagbubuhos ng dugo ay walang kapatawaran.”

Efeso 1:7 “Na sa kanya tayo ay may katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, ang kapatawaran ng kasalanan, alinsunod sa kayamanan ng Kanyang biyaya;”

Ang ebanghelyo ng Diyos ay malinaw at simple. Ito ay ebanghelyo ng biyaya. Si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, nalibing at muling nabuhay. Gawa lahat ng Diyos ang pagligtas at gawa mo ang pagtitiwala. Ang kaligtasan ay isang kaloob dahil buong layang naipagkakaloob para sa tao sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ang kaligtasan ay hindi maaring makamtan kahit anuman ang gawin mo. Ang kaligtasan ay hindi sa mga gawa na baka sinumang tao ay magyayabang. Ang Diyos ay kayang magpatawad ng iyong kasalanan at ilitas ka dahil ang Kanyang Anak ang nagbayad ng parusa ng iyong kasalanan nang namatay Siya sa krus ng Kalbaryo. Ang Diyos ay malaya na ngayon magligtas sa yaong mga naniniwala sa mensahe ng ebanghelyo.

Roma 3:24, “Inaaring ganap ng buong laya ng kanyang biyaya sa pamamagitan ng kaligtasan na sa kay Cristo Jesus.”

Ang biyaya ay salitang makapangyarihan at isang magandang paraan para harapin ng Diyos ang Kanyang nilalang. Ang biyaya ay maaring ipapahayag na hindi marapating awa-sa mukha ng kakulangan. Ang biyaya ay kagandahang loob ng Diyos sa mga hindi karapat dapat na mga makasalanan.

Sa Roma 8:32 makita natin ang ulirang biyaya ng Diyos sa tao. “Siya na hindi ipinagkait ang kanyang sariling Anak, ngunit umahong ibinigay siya para sa ating lahat, paano

siyang wala rin sa kanya, buong layang bibigyan tayo ng lahat na bagay?”

Hindi naawa ang Diyos kay Cristo. Pumunta si Cristo sa krus at doon namatay para sa inyong mga kasalanan. Ito ay yugto ng biyaya ng Diyos sa buong sangktauhan. Ang tao ay hindi karapat-dapat nito. Walang mabuting bagay sa tao para ihabilin sa Diyos ang sarili upang udyukan ito.

Roma 5:8- 9, “Datapuwa’t ang Diyos ay nagbibigay-dilag ng kanyang pagmamahal sa atin, sa gayon, samantalang tayo ay mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin. Lalong higit kung gayon, ngayon ay inaaring ganap sa pamamagitan ng kanyang dugo,tayo ay maliligtas sa pagkapoot sa pamamagitan niya.”

Kayo ba ay nananalig sa Panginoong Jesu Cristo na iyong Tagapagligtas? Tinitingnan ng Diyos ang puso mo. Alam ng Diyos kung ang iyong pananampalataya ay pamamanatag sa Panginoong Jesu Cristo at ang Kanyang kamatayang kapalit sa iyo sa krus ng Kalbaryo o kang iyong pananampalataya ay sa isang bagay o sa ibang tao. Makikita ng Diyos ang puso.

Sa Roma 4:3-4, “Sapagka’t ano ba ang sinasabi ng kasulatan? Si Abraham ay nanampalataya sa Diyos, at ito ay matuturingan sa kanya na katuwiran. Ngayon sa kanya na gumagawa’y ang pabuya ay hindi itinuturing na biyaya, kundi sa utang na yaon.” Ang kasulatan ay malinaw; Ililigtas ka ng Diyos sa pamagitan ng Kanyang biyaya kapag ikaw ay titigil sa pagtitiwala sa sarili mo, iyong relihiyon o anupaman at maniwala sa Ebanghelyo ni Cristo.

I Mga Taga-Corinto. 1:18 “Sapagka’t ang pangangaral ng krus ay sa kanilang mapapawi kamangmangan; datapuwa’t sa ating mga ligtas ito ay kapangyarihan ng Diyos.” Ang

Espiritu" Santo ay gumagamit ng pangaral ng krus sa pamamahala ng biyaya para maligtas ang mga tao.

Walang kaligtasan ng kaluluwa sa tumitiwala sa o paggawa ng anumang sumusunod:

pagtalima sa Sampung Utos

paggawa ng pinakamainam

mabuting pamumuhay

mga mabuting gawa

sumusunod sa Gintong Tuntunin

pagbibigay ng pera sa iglesia

pagkakasapi sa iglesia o pagsisimba

pananalangin

binautismuhan sa tubig

pagtanggap ng banal na komunyon

pagcompirma

pagpenitensiya

o anupaman ang gawin mo o ginagawa ng iyong simbahan para sa iyo

Ang Kaligtasan ay sa pamamagitan ng Biyaya ng Diyos!
Ang bahagi mo ay sumampalataya lamang.

Roma 11:6, "At kung ayon sa biyaya, gayunman ito ay hindi na sa mga gawa: o sa ibang paraan ang biyaya ay hindi na biyaya. Nguni't kung ito ay sa mga gawa, gayunman ito ay

hindi na biyaya: sa ibang paraan ang gawa ay hindi na gawa.”

Roma 4:5, “Datapuwa’t sa hindi gumagawa, nguni’t sumasampalataya sa kaniya na inaaring- ganap ang hindi makadiyos, ang kanyang pananampalataya ay tinuturing na kaganapan.”

Ang kaligtasan ay hindi resulta ng pagtitiwala sa haliling kamatayan ni Cristo sa krus at ang gawa mo ay dinugtong. Iyan ang tinuturo ng relihiyon, hindi ang salita na tinuturo ng Diyos. Ang kaligtasan ay isang kaloob. Ang kaligtasan ay isang pinamigay na kaloob. Hindi maaring pagsikapan ang isang kaloob. Ang kaloob ng walang hanggang-buhay ay malaya nating tanggapin nguni’t sa Diyos ang halaga ay kamatayan ng Kanyang bugtong na isinilang na Anak. Hindi natin maaaring madagdagan kahit anumang bagay sa Kanyang kabayaran sa ating mga kasalanan.

Nagawa na lahat ni Cristo .

Efeso 1:13, “Na sa kaniya kayo ay nagtiwala, pagkatapos ninyo marinig ang salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng iyong kaligtasan: na sa kaniya rin matapos na kayo ay sumampalataya, kayo ay tinatakan niyaong banal na Espiritu ng pangako,”

Maaari kayong maligtas ngayon sa pamamagitan lamang ng pagpananampalataya sa Ebanghelyo, na si Cristo ay namatay para sa iyong mga kasalanan at ang Kanyang dugo ay ganap na kabayaran para sa inyong mga kasalanan. Sa oras na ikaw ay mananampalataya sa puso mo, patawarin ka ng Diyos at iligtas ka niya sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Efeso 1:13 nagsabi sa atin na tinatakan nga tayo ng Kanyang Espiritu Santo, alin nilikha tayong Kanya na walang hanggan. Ang tatak na ito ay panagutan ng Diyos ng

ang kaligtasan mo ay walang hanggan.(Efeso 4:30, II Mga Taga-Corinto 1:22).

Efeso 4:30, “At huwag pighatiin ang banal na Espiritu ng Diyos, upang kayo’y tinatakan hanggang sa araw ng katubusan.”

II Mga Taga-Corinto. 1:22, “Na siya rin ang nagtatak sa atin, at nagbigay ng katiyakan ng Espiritu sa ating mga puso.”

Ginawa lahat ng Diyos ang pagligtas at Siya lahat ang tutupad. Hindi kailanman mapahamak ang ating kaligtasan. Tayo ay naligtas at panatilihin sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Gawa lahat ng Diyos ang pagligtas sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at maaari Siyang pagkatiwalaan at panatilihin ka sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

Alalahanin, maiksi ang buhay,huwag ipagpaliban.. Manalig kay Cristo ngayon at maligtas sa pamagitan ng biyaya ng Diyos.!

Itong booklet ay ginawang bukas sa inyo ng

*Grace Harbor Church
Gary and Lynda Miller
2822 Briarwood Dr. E.
Arlington, Hts., IL 60005
847-640-8422*

*Paki dalaw ng aming web site ukol sa araling Biblia
para sa mga bata at matatanda.*

www.grace-harbor-church.org

www.lesfeldick.org

***NALIGTAS
SA
PAMAMAGITAN
NG BIYAYA
NG DIYOS***